**Part 3: Ang Tungkol sa Tao**

## 3.4 ANG PAGTUBOS SA TAO

Ang kasalanan kailanman ay hindi magiging katanggap-tanggap sa Banal na Diyos. Sinasabi sa Bibliya na ang lahat ay nagkasala at ang kabayaran ng ating kasalanan ay kamatayan (Romans 3:23, 6:23). Kaya naman, alam natin na ang lahat ng tao ay daranas ng kamatayan sapagkat hindi mapagkakaila na ang lahat ay nagkakasala.

### TIME OUT

1. Bakit hindi magiging katanggap-tanggap sa Banal na Diyos ang kasalanan?

   ________________________________________

2. Ano ang kabayaran ng ating kasalanan?

   ________________________________________

3. Bakit ang lahat ng tao ay daranas ng kamatayan?

   ________________________________________

**PAG-ISIPAN:**

| | |
|---|---|
| Ang aking alam | Si Jesus ang aking: |
| | Ako ay magiging katanggap-tanggap sa Diyos kung: |

**PAG-ARALAN:**

Basahin ang maikling kuwento at sagutin ang mga tanong.




Mateo 1:18-23 Isinilang si Jesu-Cristo
Ito ang naganap nang ipanganak si Jesu-Cristo. Si Maria na Kanyang ina at si Jose ay nakatakda nang magpakasal. Ngunit bago sila makasal, nagdadalang-tao na si Maria sa pamamagitan ng kapangyarihan ng Espiritu Santo.

Subalit dahil isang matuwid na tao si Jose na kanyang mapapangasawa, at ayaw nitong malagay sa kahihiyan si Maria, binalak niyang hiwalayan si Maria nang palihim.

Ngunit habang pinag-iisipan ito ni Jose, nagpakita sa kanya sa panaginip ang isang anghel ng Panginoon. Sinabi nito sa kanya, "Jose, anak ni David, huwag kang matakot na pakasalan si Maria, sapagkat ang sanggol na dinadala niya ay mula sa Espiritu Santo. Magsisilang siya ng isang batang lalaki at Jesus ang ipapangalan mo sa sanggol sapagkat ililigtas Niya ang Kanyang bayan sa kanilang mga kasalanan."

Nangyari nga ang lahat ng ito upang matupad ang sinabi ng Panginoon sa pamamagitan ng propeta, maglilihi ang birhen at magsisilang ng isang sanggol na lalaki, at tatawagin itong "Emmanuel" (ibig sabihin ay Kasama natin ang Diyos).

- Sino sina Jose at Maria?

  ______________________________________________

- Ano ang binalak gawin ni Jose nang malamang nagdadalang-tao si Maria?

  ______________________________________________

  ______________________________________________

- Nang magpakita ang anghel kay Jose, ano ang sinabi nito sa kanya?

  ______________________________________________

  ______________________________________________

- Ano ang ipapangalan sa batang nasa sinapupunan ni Maria? At bakit iyon ang ipapangalan sa kanya?

  ______________________________________________

- Ano ang ibig sabihin ng Emmamuel?

  ______________________________________________

**PAG-USAPAN:**
**Paano tayo napawalang-sala ng Diyos upang tayo ay maging katanggap-tanggap sa Kanya?**

Sa Hebrews 9, sinasabi na kung walang daranak na dugo, walang kapatawaran. Sa Leviticus 17 naman matututuhan natin na ang buhay ng isang nilalang ay nasasa dugo at dugo

ang panaklob sa kasalanan ng pinag-utos ng Diyos na gamitin ng sinumang lalapit sa Kanyang harapan.



Ang buhay ni Cristo ay mahalaga pa sa buhay ng pinagsama-samang buhay ng lahat ng makasalanang tao sa buong mundo sapagkat ang Kanyang buhay ay walang bahid; walang anumang karumihan. Sa mata ng Diyos, walang katumbas ang buhay ni Cristo. Wala nang iba pang magsisilbi na katanggap-tanggap sa Diyos bilang pantubos sa makasalanang tao kundi ang buhay ni Jesus.

Ang katotohanang ito ang makapagpapaliwanag sa mga sinabi ni Cristo nang ihambing Niya ang Kanyang sarili sa isang mabuting Pastol.

Ang sabi Niya sa John 10 ay ito, *Ako ang mabuting pastol. Iniaalay ng mabuting pastol ang kanyang buhay para sa mga tupa. Nakikinig sa Akin ang Aking mga tupa; nakikilala Ko sila, at sumusunod sila sa Akin. Binibigyan Ko sila ng buhay na walang hanggan. Kailanma'y hindi sila mapapahamak at hindi sila maaagaw sa Akin ninuman.*

Dahil sa kahihiyan, nawalan ng lakas ng loob si Marie para pumasok sa eskwelahan. Lumiban siya ng ilang linggo dahil hindi niya alam kung paano siya makikiharap sa mga kaeskuwela. Napansin ito ng kanyang guro na si Ms Dina kaya napagpasyahan nito na dumalaw sa tahanan ng estudyante. Inusisa niya nang mabuti si Marie ngunit halos hindi siya makausap ng maayos. Tinanong niya ang estudyante kung ano ang nag-udyok sa kanya para pasukin ang ganoong trabaho. Matapos magpaliwanag ni Marie, sinabihan siya ng kanyang guro na itigil na niya ang trabahong kanyang pinasukan dahil ito ay mali at walang maidudulot na kabutihan sa kanyang pagkatao. Totoong mahirap ang kanyang sitwasyon ngayon subalit sinabihan siya ng guro na pumasok na sa eskwelahan at huwag ng pansinin ang sasabihin ng ibang tao bagkos ay pagtuunan ng pansin ang kanyang pag-aaral. At kung wala siyang sapat na pera na pantustos ng kanyang pag-aaral, tutulungan siya nito na makapaghanap ng part time job na makakatulong sa kanya.

Sa iyong palagay, susundin kaya ni Marie ang payo ng kanyang guro at magkaroon ng transpormasyon sa kanyang buhay? Ipaliwanag ang iyong sagot.

________________________________________________

________________________________________________



Dahil sa kasalanan, nawalay nga ang Banal na Diyos sa naging makasalanang tao. Subalit tulad nang sinabi sa John 3:16, Gayon na lamang ang pag-ibig ng Diyos sa sangkatauhan, kaya't ibibigay Niya ang Kanyang kaisa-isang Anak, upang ang sinumang sumampalataya sa Kanya ay hindi mapahamak, kundi magkaroon ng buhay na walang hanggan. At sa John 14:6, sinabi ni Cristo na Siya ang daan, ang katotohanan, at ang buhay. Walang makapupunta sa Ama kundi sa pamamagitan Niya.

Si Cristo ay walang katulad. Walang ibang tao sa kasaysayan ng mundo na hindi nagkakasala kundi Siya lamang. Si Cristo lamang ang may katangian na maging katanggap-tanggap na handog para sa kasalanan ng tao tulad ng nilarawan sa lumang tipan.

**PAG-BULAYBULAYAN:**

1. Kung ikaw si Marie, makikinig ka ba sa payo ng iyong guro? Bakit?

   ________________________________________

   ________________________________________

2. Nakipagkasundo ka na ba sa Diyos? Paano mo ito nasabi?

   ________________________________________

3. Paano ka mabubuhay bilang isang matuwid na tao?

   ________________________________________

   ________________________________________

<table>
<tr><td rowspan="2">Natutuhan ko na</td><td>Si Jesus ang aking:</td></tr>
<tr><td>Ako ay magiging katanggap-tanggap sa Diyos kung:</td></tr>
</table>

**Verse of the Day:**

Sumagot si Jesus, "Ako ang daan, ang katotohanan, at ang buhay. Walang makakapunta sa Ama kundi sa pamamagitan ko. ***Juan 14:6***